# THE LORD'S FLOCK GROWTH DIGEST
PASTORAL GROWTH SERIES

## Kristiyano Akong Lubhang Nakahahawa

Sis Techie Rodriquez, Elder- Founder

Setyembre 8, 2021

Ang lubhang nakahahawa ay parang *virus* na palipat-lipat mula sa isang *host* patungo sa iba pang *host*. Ang Kristiyanong lubhang nakahahawa ay may determinasyong ibahagi ang pananalig, pagmamahal at pag-uugali sa kapwa. May galak at tuwa ang pagbabahagi natin mula sa ating personal na ugnayan sa Diyos. Ang buhay natin bilang Kristiyano ay di dapat itago, ngunit dapat ibahagi na parang *virus* na kumakalat sa lahat ng taong nakasasalamuha.

**1.Ang Kristiyanong lubhang nakahahawa ay may malalim na ugnayan sa Diyos.** Kung malalim ang ating ugnayan sa Diyos, natututo tayo sa Kanya na tulad ng pagkatuto ng anak sa magulang. Ang turo ng Diyos na ipinakikita sa Bibliya ay sinusunod natin (1Cor.11:1).

**2. Hinaharap ni Jesus ang bawat pagkakataon.** Sinadyang dumaan ni Jesus sa Samaria (Jn.4:4), at nanampalataya sa Kanya ang Samaritana sa balon ni Jacob. Samantalahin ang bawat pagkakataon para maibahagi ang Ebanghelyo maski sa pakiramdam natin magiging sagabal ito sa pangkaraniwan nating gawain.

**3. Mahalaga kay Jesus ang lahat ng tao**. Misyon Niya tayo at ganyan din dapat tayo sa bawat taong makatagpo. Higit sa lahat dapat mayroon tayong malalim na personal na ugnayan sa Panginoon tulad ni Andrew (Jn.1:40) at magkaroon ng pagbabagong espiritwal (Jn.3:7). Naglaan ng oras ang Diyos para sa ating pagbabago dahil tayo'y mahalaga sa Kanya.

**4.Mga dahilan bakit nakahahawa ang pananalig ng mga Kristyano:**

4.1 **Mahal natin ang mga naligaw ng landas.** Inaalala natin ang mga taong naligaw gaya ng sinabi ni Jesus na mahalin ang kapwa.

4.2 **Mahal natin ang Panginoon.** Para maipakita ang pagmamahal natin sa Diyos, sumunod tayo sa Kanya. "Kung iniibig ninyo ako, tutuparin ninyo ang aking mga utos" (Jn.14:15).

**5. Nilikha tayo ng Diyos para maganap ang mga layuning ito:**

5.1 **Para lumago ang pinakamalaking walang hanggang pamilya.** Gagamitin tayo ng Diyos para maging kabahagi ng Kanyang pamilya at maglingkod sa Kanyang kaharian.

5.2 **Para mapaunlad tayo at magkaroon ng pusong tulad ng puso ni Jesus.** Mahalin natin Siya at sumunod sa Kanyang mga utos para magkaroon ng maka-Kristyanong pamumuhay.

**6. Tatlong susi para maihawa ang pananalig ng isang Kristyano.**

6.1 **Panalangin** (Mt.9:35-38). Dapat kausapin natin ang Diyos, bago natin kausapin ang mga tao tungkol sa Diyos.

6.2 **Tunay na pag-aalaga** (Mt.5:13). Hindi tinitingnan ng tao kung ano ang alam natin, hanggang maramdaman nila ang ating ganap at tunay na malasakit.

6.3 **Ibahagi** (Mt.5:14-16). Sinabi ni Jesus na tayo'y ilaw sa sanlibutan. Wala tayong liwanag kung wala si Jesus sa ating buhay. Ibahagi natin ang Kanyang mga nagawa sa ating buhay at ito'y makapangyarihang patotoo sa mga taong nakikinig.

**Konklusyon:**

Hindi dapat itago ang ating buhay Kristyano, sa halip dapat maibahagi ito sa ating pinakamalapit na kapitbahay. Magkakaroon tayo ng makahulugang ugnayan sa mga tao kung makikita nila ang tapat nating malasakit, pakikitungong magalang, at may tuwa at galak sa pagbabahagi ng ating buhay.Dapat patuloy tayong magdasal ng kalakasan at karunungan sa pagbabahagi ng Ebanghelyo.

**Pagninilay:**

1.Paano mo ipinakikita ang iyong katapatan sa pagbabahagi ng Ebanghelyo?
2. Paano mo naibabahagi ang Salita ng Diyos?
3.Sa palagay mo, kailan ang tamang panahon ng pagbabahagi ng Kanyang Kaharian?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags: #labanangespiritwal; #tukso; #kasamaam